



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-8 ng Oktubre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

### ANG PAGBOTO SA KOREO AY SIMPLE, MAS LIGTAS AT SECURE

Habang ang mga balotang pangkoreo ay nagsisimulang dumating na sa mga mailbox sa buong County ng San Diego, ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay nagpapaalala sa mga botante na mas ligtas na markahan ang inyong balota sa tirahan upang iwasan ang panganib na danasin ang COVID-19. Mahigit sa 1.9 milyon na mga balotang pangkoreo para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon ang ipinadala sa mga nakarehistrong botante simula ng linggong ito.

#### Ang Pagboto sa pamamagitan ng koreo ay:

- **SIMPLE:** Isang balotang pangkoreo, mga instruksyon at isang “Bumoto Ako” na sticker ang kasama sa pakete ng balotang pangkoreo.
- **MAS LIGTAS:** Iwasan ang mahahabang linya, ang pangangailangan ng safe distancing at isang mask sa pamamagitan ng paggawa ng mga desisyon sa pagboto mula sa inyong tirahan nang ligtas.
- **SECURE:** Pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at postage free na ibalik ito sa isang pinagkakatiwalaang source:
  - Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang lokasyon na malapit sa inyo, bisitahin ang website ng [opisina ng U.S. Postal Service o collection box](#).
  - Ibalik ito sa isa sa [126 na mga mail ballot drop-off location](#) sa buong county. Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa [online locator tool](#) ng Tagapagrehistro.
  - Ibalik ito sa [opisina ng Tagapagrehistro](#) kung saan ang maagang pagboto ay isinasagawa na mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Kung pinaplano ninyong i-drop off ang inyong balotang pangkoreo doon o bumoto nang in-person, magsuot ng face covering at panatilihin ang social distancing.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-8 ng Oktubre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Maaari rin ninyong i-track ang inyong balota sa pamamagitan ng pag-sign up para sa [Nasaan Ang Aking Balota?](#) Makakakuha kayo ng mga notipikasyon kung kailan ipinadala ang balotang pangkoreo sa inyo, kung kailan ito nakabalik sa opisina ng Tagapagrehistro at kung kailan ito nabilang.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Ika-3 ng Nobyembre na Eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

**COUNTY**NEWSCENTER

